Strengthened Senior High School

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

Gawaing Pampagkatuto sa Filipino 1 (Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino)

ACADEMIC ELECTIVE



Pag-aari ng Pamahalaan
HINDI IPINAGBIBILI

Gawaing Pampagkatuto sa Wika at Komunikasyon sa Akademikong Filipino

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng ***Strengthened Senior High School Curriculum***. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin

Manunulat: Sigrid F. Tibordo, Niel Orven A. Talavera, Gloria C. Sabanal, Mc. Gay M. Sanggayan, Jennifer V. Marangi, Ignacio L. Jubahib Jr., Joshua A. Ballon, Lorenz C. Almendras, Aldimar B. Uy, Gesselle S. Cambia, at Hazel O. Malto

Tagasuri ng Nilalaman: Modem O. Demua, Lyn Vincent J. Balatero, Romulo N. Peralta, Evelyn P. Pasana, Reynald P. Arnado, Rose C. Cox, at Marvin R. Palima

Konsultant: **Benita Balla-Hugo**
Bicol University

Learning Area Specialist: **Jefferson V. Torres**
Senior Education Program Specialist

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

Sagutan ang form na ito **https://bit.ly/sshsfeedbackform** kung mayroon kayong mungkahi o dagdag na tugon tungkol sa LE. Gawing malinaw, tiyak, at may karagdagang detalye upang maging gabay ng National Technical Working Group (NTWG) sa pagrerebisa at pagpapaunlad ng nasabing materyal.

Talaan ng Nilalaman

Para sa Modelong Banghay-Aralin 1 ..... **1**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 2 ..... **8**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 3 ..... **16**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 4 ..... **23**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 5 ..... **30**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 6 ..... **37**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 7 ..... **46**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 8 ..... **53**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 9 ..... **63**
Para sa Modelong Banghay-Aralin 10 ..... **70**

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	I. Batayang Kaalaman sa Wika A. Kahulugan at Kahalagahan ng Wika sa Komunikasyon B. Katangian ng Wika 1. Arbitraryo 2. Dinamiko 3. Malikhain 4. Iba pa		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Linguistic Landscape Tour**

II. Layunin:

1. Pukawin ang interes ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pag-uugnay ng wika sa kanilang kapaligiran at personal na karanasan.
2. Suriin ang pananaw ng mga mag-aaral sa gamit ng wika sa iba't ibang antas ng lipunan (pormal, kolokyal, at opisyal).
3. Maunawaan ang halaga ng wika bilang kaluluwa ng kultura at kasaysayan

III. Kagamitang Kailangan: Mga larawan ng iba't ibang karatula (*High-end mall*, babala sa kalsada, menu ng karinderya, opisyal na marker)

IV. Panuto: Suriin ang mga karatula na makikita sa Pilipinas. At pagkatapos ay sagutin ang mga tanong.

Exclusive Sale: Up to 50% Off

Bawal Pumarada Rito. Hihilahin ang Sasakyan.

Tapsilog 50 petot, Extra Rice 10

Pambansang Museo ng Pilipinas

Mga Tanong:

1. Sino ang kinakausap? Sino ang target audience?
2. Ano ang mensahe? Direkta ba o may tono?)
3. Bakit iyon ang wikang ginamit? Bakit Ingles sa mall pero Tagalog sa babala ng kalsada?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	I. Batayang Kaalaman sa Wika A. Kahulugan at Kahalagahan ng Wika sa Komunikasyon B. Katangian ng Wika 1. Arbitraryo 2. Dinamiko 3. Malikhain 4. Iba pa		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: **Wika-Bihasaan**

II. Layunin: Mailapat ang mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa pagsusuri ng mga totoong senaryo sa buhay; Makapagbigay ng mga ebidensiya mula sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino na nagpapatunay sa mga konsepto ng wika

III. Kagamitang Kailangan: *Concept Matrix Table template* para sa mga mag-aaral.

IV. Panuto: Gumawa ng isang Concept Matrix Table. Sa bawat konsepto, isulat ang kahulugan at ebidensiya mula sa tunay na pangyayari na may kaugnayan sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino.

Konsepto	***Real-World Evidence* (Halimbawa nito sa lipunan)**	**Bakit ito mahalaga sa lipunan?**
Dinamiko	Hal.	
Nakabuhol sa Kultura		
Pinipili at Isinasaayos		
Global Interaksyunal		

Mga Tanong:

1. “Bakit sa inyong palagay mas pinipili ng mga kabataan ngayon na gumamit ng Ingles o ibang wika kaysa sa sariling wika o diyalekto?
2. Ano ang mawawala sa Pilipinas kung isang araw ay magising tayo na puro Ingles na lang ang alam natin?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	I. Batayang Kaalaman sa Wika A. Kahulugan at Kahalagahan ng Wika sa Komunikasyon B. Katangian ng Wika 1. Arbitraryo 2. Dinamiko 3. Malikhain 4. Iba pa		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: **Ulat-Wika: Estratehiyang 3-2-1**

II. Layunin:

1. Mailapat ang mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa pagsusuri ng mga totoong senaryo sa buhay;
2. Makapagbigay ng mga ebidensiya mula sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino na nagpapatunay sa mga konsepto ng wika.
3. Maipakita ang pagiging malikhain sa pag-aangkop ng mga dayuhang konsepto sa kulturang Pilipino.

III. Kagamitang Kailangan: Kwaderno, *Lecture notes (handout),* at panulat.

IV. Panuto: Sa inyong kwaderno, magsasagawa ng ulat hinggil sa inyong mga natutuhan.

3. Konsepto ng Lingguwista: Paghambingin sa isang pangungusap ang pananaw nina Sapir, Whorf, at Gleason. (Halimbawa: *"Para kay Sapir ito ay sosyal, kay Whorf ito ay kapaligiran, at kay Gleason ito ay sistema."*)

2. Patunay ng Katangian: Pumili ng dalawang katangian ni Gleason (hal. *Dinamiko* at *Nakabuhol sa Kultura*). Ipaliwanag kung paano ito nagpapatakbo sa lipunang Pilipino sa kasalukuyan.

1. Malaking Kaisipan *(The Big Idea):* Bumuo ng sariling depinisyon ng wika na nagsasama-sama ng lahat ng tinalakay.

Gabay na Tanong:

1. Paano binabago ng wika ang paraan ng ating pag-iisip tungkol sa ating kapaligiran (Whorf) at pakikipagkapwa (Sapir)?
2. Kung ang wika ay arbitraryo at dinamiko, mayroon pa bang 'maling' wika sa lipunan?

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Wi-Kompleto: Ang *Concept Map* ng Katotohanan**

II. Layunin: Mailapat ang mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa pagsusuri ng mga totoong senaryo sa buhay; Makapagbigay ng mga ebidensiya mula sa kasalukuyang sitwasyon ng wikang Filipino na nagpapatunay sa mga konsepto ng wika. Maipakita ang pagiging malikhain sa pag-aangkop ng mga dayuhang konsepto sa kulturang Pilipino.

III. Kagamitang Kailangan: Papel, panulat, at sipi ng *word skeleton.*

IV. Panuto: Punan ang mga blangkong kahon ng *Word-Skeleton* sa ibaba.



Gabay na Tanong para sa Paglalahat:

Sino ang lingguwistang nagsabing ang wika ay para sa "sosyalisasyon"?

Ano ang tawag sa katangian ng wika na patuloy na nagbabago (hal. *Lodi, Petmalu*)?

Sa isang pangungusap, bakit mahalaga ang wika sa iyong sarili?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **Wi-Konsultant**

II. Layunin: Nakasusulat ng isang kritikal na sanaysay na tumatalakay sa ugnayan ng tradisyon at modernisasyon sa wikang Filipino.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat para sa Posisyong Papel.

IV. Panuto: Sumulat ng isang Posisyong Papel o Kritikal na Sanaysay (150-200 salita) na sumasagot sa tanong na:

Senaryo**:** Sa ilalim ng *Revised 2001 Alfabeto* at *1987 Konstitusyon*, binuksan ang Filipino sa mga letrang F, J, at Z upang maging "Global Interaksiyonal." Gayunpaman, marami ang natatakot na baka mawala ang "purong" identidad ng wikang Filipino dahil sa sobrang panghihiram sa Ingles.

"Paano mapapanatili ang kahalagahang 'Panlipunan' at 'Kultural' ng Wikang Filipino habang tinatanggap ang katangiang 'Dinamiko' at 'Global Interaksyunal' nito?"

Dapat makita sa iyong isinulat ang sumusunod:

1. Paglalapat ng Teorya: Gamitin ang pananaw ni Whorf (pagtugon sa kapaligiran) o Sapir (relasyong sosyal) upang ipaliwanag kung bakit natural lang ang pagbabago sa wika.
2. Katangian ni Gleason: Talakayin kung paano nagagamit ang pagiging Arbitraryo at Pinipili/Isinasaayos sa pagbuo ng mga bagong salitang teknikal.
3. Konklusyon: Magbigay ng sariling mungkahi kung paano magiging "Global" ang Filipino nang hindi nawawala ang sariling "Kakanyahan."

Rubrik sa Pagmamarka:

Pamantayan	Deskripsyon	Puntos
Lalim ng Pagsusuri	Nailapat nang wasto ang mga teorya nina Sapir, Whorf, at Gleason sa isyung ibinigay.	10
Organisasyon	Lohikal ang pagkakaayos ng mga ideya at gumamit ng tamang estruktura (Masistemang Balangkas).	5
Kabatiran sa Paksa	Naipakita ang malinaw na pag-unawa sa kasalukuyang sitwasyon ng wikang Filipino.	5
	Kabuoan	20

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Wika-Taya**

II. Layunin: Nasusukat ang pag-unawa sa mga terminolohiya at konsepto sa pamamagitan ng tradisyonal na pagsusulit.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Isulat ang dalubwika o katangiang tinutukoy sa bawat bilang.

1. Siya ang naniniwala na ang wika ay kasangkapan sa sosyalisasyon at pagbuo ng relasyong sosyal. _____
2. Katangian ng wika na nagsasabing ang mga simbolo at tunog ay pinagkasunduan ng mga pangkat ng tao. _____
3. Ayon sa kanya, ang wika ay nalilikha bilang pagtugon ng tao sa kanyang kapaligiran. _____
4. Ang wika ay patuloy na nagbabago at yumayaman sa paglipas ng panahon. _____
5. Ito ang kahalagahan ng wika na nakatuon sa pagpapahayag ng sariling damdamin at iniisip. _____

Sapir	Arbitraryo	Personal
Whorf	Dinamiko	May Kakanyahan

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	1	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: **Puno ng Ideya**

II. Layunin: Nasusukat ang pag-unawa sa mga terminolohiya at konsepto sa pamamagitan ng tradisyonal na pagsusulit.

III. Kagamitang Kailangan: cartolona o manila paper, panulat

IV. Panuto: Sa isang pirasong kartolina o *manila paper*, gumuhit ng isang katawan ng tao o isang puno.



Larawang kuha sa Google Gemini

- **Ang Ugat:** Isusulat ang mga pangalan nina **Sapir, Whorf, at Gleason** bilang pundasyon.
- **Ang Katawan/Sanga:** Isusulat ang mga **Katangian** (Dinamiko, Arbitraryo, atbp.).
- **Ang mga Dahon/Bunga:** Magbibigay sila ng mga **Halimbawa** ng salita na nagpapatunay sa katangiang iyon (hal. "Lodi" para sa Dinamiko).

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: Know-What-Learn

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagbabahagi ng kanilang dating kaalaman tungkol sa gamit ng wika at nakapagbibigay ng mga tanong na nais bigyang-linaw sa pamamagitan ng K-W-L Chart bilang panimulang gawain sa bagong aralin.

III. Kagamitang Kailangan: K-W-L *Chart template*, Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard*, *Marker* o *chalk*, *Projector/ TV/ Laptop* (opsyonal), *Timer*/ Relo

IV. Panuto: Ibibigay sa mga mag- aaral ang tsart na may tatlong kolum. Ipaisa-isa sa mga mag-aaral ang kanilang alam tungkol sa gamit ng wika at kung ano ang nais nilang malaman



Gabay na Tanong:

- Ano-ano ang dahilan kung bakit tayo nagsasalita? Ano ang pumapasok sa isip ko kapag naririnig ko ang salitang wika?

_____
_____

- Ano pa ang hindi ko lubos na nauunawaan tungkol sa wika? Ano ang gusto kong malaman ngayong araw na ito?

_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: WIKA

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nailalabas ang kanilang dating kaalaman at konseptong naiuugnay sa salitang 'WIKA' sa pamamagitan ng malayang pagsulat (word association) bilang panimulang gawain sa pagtalakay ng gamit at tungkulin ng wika

III. Kagamitang Kailangan: Malinis na papel, Kuwaderno, Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard*, Marker o *chalk*

IV. Panuto: Kumuha ng isang malinis na papel o buksan ang inyong kuwaderno sa isang bagong pahina at ihanda ang inyong panulat. Isulat sa itaas ng inyong papel ang salitang: WIKA. Sa loob ng dalawa (2) minuto, Isusulat ninyo ang lahat ng pumapasok sa inyong isipan kaugnay ng salitang "WIKA". Maaaring ito ay salita (hal., Filipino, ingles, usapan), parirala (hal., pagkakaisa ng bansa), pangungusap (hal., Mahalaga ang wika sa pakikipagtalastasan), o tanong (hal., Bakit magkaiba ang tagalog at Filipino?). Huwag mag-alala sa gramatika, baybay, o kung magkakaugnay ba ang inyong mga ideya ang mahalaga: "Ituloy lamang ang pagsulat. Kapag napahinto, bumalik kaagad sa pagsulat."

W	
I	
K	
A	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: Larawan-Suri

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang malilinang ang kasanayan sa biswal na pagsusuri (visual analysis) at pagbuo ng hinuha habang tinutukoy nila ang uri ng usapang nagaganap sa iba't ibang larawang nagpapakita ng sitwasyong pangkomunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: *Collage* ng mga larawan (6-8 piraso), *Projector / TV / Monitor, Laptop / Computer, Printed* na larawan (kung walang projector), Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard* at *Marker o chalk*

IV. Panuto: Pumili ng awit o tula na angkop sa baitang ng mga mag-aaral at may temang madali nilang mauunawaan at maiuugnay sa kanilang sarili.

LARAWAN- SURI

Sitwasyon/ Lugar	Sino-sino ang taong nasa larawan?	Ano kaya ang pinag-uusapan nila?	Anong uri ng usapan ito? (Pormal ba? Di-pormal? Personal? Propesyonal?)
Tawiran			
Silid-aklatan			
Palengke			
Simbahan			
Family-dinner			

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. nstrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: Video Clip Analysis

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang malilinang ang kasanayan sa kritikal na pagsusuri ng balita sa pamamagitan ng pagtukoy sa Impormatibo at Personal na tungkulin ng wika at pag-uugnay ng mga ito sa kalagayan ng lipunang Pilipino.

III. Kagamitang Kailangan: *Video clip* ng balita (2-3 minuto), *Printed news article, Laptop / Computer, Projector / TV / Monitor, Speaker,* Lapis o *ballpen,* Pisara/ *Whiteboard*, at Marker o *chalk*

IV. Panuto: Suriin ang isang balita upang matukoy ang mga pangungusap na nagbibigay-impormasyon (Impormatibo) at ang mga pangungusap na nagpapahayag ng opinyon o damdamin (Personal). Pagkatapos, iuugnay natin ang balitang ito sa kalagayan ng ating bansa.



Pangalan _____ **Baitang/ Pangkat** _____

Pagbabalita: Pagsusuri ng Balita ayon sa Tungkulin ng Wika

Pamagat ng Balita:
_____
Pinagmulan: ( ) TV Patrol ( ) 24 Oras ( ) Inquirer ( ) Philippine Star ( ) Iba pa: _____
Petsa ng Balita: _____

Unang Bahagi: Bago Sumuri (Pre-analysis)

1. **Batay sa pamagat pa lamang ng balita, ano sa palagay mo ang magiging nilalaman nito? Anong isyu sa lipunan ang tatalakayin?**

_____

Ikalawang Bahagi: Pagsusuri ng Balita (News Analysis)

2. **Panoorin/basahin nang mabuti ang balita. Itala sa talahanayan ang mga pangungusap na nagpapakita ng Impormatibo at Personal na tungkulin ng wika.**

Uri ng Pahayag	Linyang Pangungusap mula sa Balita	Sino ang Nagsalita? (Reporter/ Eksperto/Saksi/ Opisyal)	Paliwanag (Bakit ito Impormatibo o Personal?)
IMPORMATIBO (Nagbibigay ng katotohanan, datos, pangyayari)	1.		
	2.		
	3.		
PERSONAL (Nagpapahayag ng opinyon, damdamin, paniniwala)	1.		
	2.		
	3.		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	11/12

I. Gawain Bilang 5: Bubble Talk

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang maipamamalas ang kanilang pag-unawa sa pitong tungkulin ng wika sa pamamagitan ng pagbuo ng magkakaugnay na diyalogo gamit ang tatlong speech bubbles na kumakatawan sa iba't ibang gamit ng wika at gumagamit ng mga *cohesive devices*.

III. Kagamitang Kailangan: *Activity sheet* na may *speech bubbles*, Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard*, at *Marker o chalk*

IV. Panuto: Punan ng angkop na diyalogo o pahayag ang tatlong *speech bubbles.* Tiyaking ang bawat pahayag ay kumakatawan ng tatlo sa pitong gamit ng wika na tinalakay. Gumamit ng mga *cohesive devices* upang maging maayos ang daloy ng ideya, at siguraduhing magkakaugnay ang tatlong pahayag na mabubuo.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: Usap-Suri

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy ang tatlong tiyak na tungkulin ng wika—Instrumental, Regulatoryo, at Heuristiko—sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga may salungguhit na pahayag mula sa isang binasang diyalogo.

III. Kagamitang Kailangan: *Activity sheet* na may diyalogo, Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard*, at *Marker o chalk*

IV. Panuto: Basahin ang diyalogo sa ibaba at tukuyin ang tungkulin ng wika kung: (A) instrumental, (B) regulatori, at (C) heyuristiko sa mga pahayag na may salungguhit. Isulat lamang ang titik ng tamang tungkulin ng wika sa ibabaw ng ginuhitang pahayag.

Summer: Narinig mo ba? May science fair sa paaralan bukas. parang (1) gusto kong sumali sa paligsahan ng mga imbensiyon.
Winter: (2) Ano ba ang ginagawa dito sa science fair?
Summer: Ipinapakita ng mga mag-aaral ang kanilang mga proyekto at eksperimento.
Winter: (3) Bakit ka gustong sumali?
Summer:(4) Dahil magandang pagkakataon ito para maipakita ang ating mga ideya at matuto pa sa ibang proyekto
Winter: Ibig sabihin, (5) may iba pang paraan para matuto tungkol sa agham?
Summer: Oo naman. (6) Kung gusto mo, maaari kang manood ng presentasyon, magtanong sa mga kalahok, o magbasa ng kanilang mga ulat.
Winter: Ah ganoon pala. (7) Bakit mo napili ang paggawa ng imbensiyon?
Summer: (8) Dahil nais kong makatulong sa paglikha ng mga bagay na kapaki-pakinabang sa komunidad.
Winter: Talaga?
Summer: (9) Tandaan mo na maraming makabagong tuklas ang nagsimula lamang sa simpleng ideya ng mga mag-aaral.
Winter: Tama ka! (10) Halika, sumali na rin tayo!

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	2	**Petsa:**	
Nilalaman:	Gamit at Tungkulin ng Wika 1. Interaksiyonal 2. Instrumental 3. Regulatoryo 4. Heyuristiko 5. Impormatibo 6. Personal 7. Imahinatibo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: Tala-Tungkulin ng Wika

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang maihahambing ang tatlong tungkulin ng wika (Instrumental, Regulatoryo, at Heuristiko) batay sa kanilang kahulugan, gamit, at halimbawa sa pamamagitan ng pagpuno sa isang talahanayan.

III. Kagamitang Kailangan: *Activity sheet* na may talahayan, Lapis o *ballpen*, Pisara/ *Whiteboard*, at *Marker o chalk*

IV. Panuto: Punan ang talahanayan sa pamamagitan ng paghahambing ng tatlong tungkulin ng wika na tinalakay, batay sa kanilang kahulugan, gamit, at mga halimbawa. Sa unang hanay, ilahad ang pagkakaiba ng kanilang kahulugan; sa ikalawang hanay, ipaliwanag ang pagkakaiba ng kanilang gamit; at sa ikatlong hanay, magbigay ng tiyak na halimbawa para sa bawat tungkulin ng wika.

	REGULATORYO	**HEYURISTIKO**	**IMAHINATIBO**
Pagkakaiba sa kahulugan			
Pagkakaiba sa gamit			
Halimbawa			

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Saan Tayo Patungo**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nalalaman ang tunguhin ng paksa at naipapaliwanag kung bakit ito mahalaga

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Bolpen

IV. Panuto: Pagmasdan ang *flow chart* at sundan ang direksyon ng mga arrow/palaso mula sa "Dating Kaalaman" patungo sa "Layunin" hanggang "Output." Basahin ang marka sa bawat loob ng palaso upang maunawaan ang daloy at patutunguhan ng ating aralin. Iugnay ang bawat bahagi sa mga naunang gawain at sa inaasahang resulta ng pagkatuto.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang ipinahihiwatig ng unang kahon na "Dating Kaalaman" sa ating pag-aaral?
2. Bakit mahalagang malaman muna kung ano ang ating layunin bago simulan ang aralin?
3. Paano nagkakaugnay ang dating kaalaman, layunin, at output sa proseso ng pagkatuto?
4. Ano ang maaaring mangyari kung walang malinaw na layunin ang isang aralin?
5. Sa iyong palagay, paano makatutulong ang pag-unawa sa daloy ng aralin upang mas maging makabuluhan ang iyong pagkatuto?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2 : **WIKAwise**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang naihahambing ang paggamit ng barayti ng wika sa iba't ibang sitwasyong pangkomunikasyon (pormal, impormal, teknikal, kolokyal) gamit ang angkop na estratehiya tulad ng comparative matrix o graphic organizer, at nakapagbibigay ng lohikal na interpretasyon hinggil sa implikasyon nito sa komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Comparative Matrix, Halimbawang Teksto at Sitwasyon

IV. Panuto: Magbibigay ang guro ng isang teksto, *video clip, o audio recording*, tulad ng balita, vlog, panayam, o usapan ng magkakaibigan. Susuriin ng mga mag-aaral ang teksto gamit ang Comparative Matrix, tukuyin ang barayti ng wika na ginamit, at ipaliwanag kung bakit ito angkop sa sitwasyong ipinakita sa teksto. Iugnay sa layon, konteksto, at target na awdyens.

Teksto/Sitwasyon	Barayti ng Wika	Layunin	Konteksto	Target na Awdyens
Balita Patuloy ang pagtaas ng bilang ng mga pasyenteng positibo sa COVID-19 sa Metro Manila ngayong linggo. Ayon sa Department of Health, umabot na sa 2,345 ang bagong kaso kahapon. Pinapayuhan ang publiko na sumunod sa mga alituntunin ng minimum health standards upang mapigilan ang pagkalat ng virus. -Rappler News. (2023). "COVID-19 Cases Rise in Metro Manila." https://www.rappler.com				
Usapan ng magkakaibigan Levi: "Petmalu yung game kahapon, grabe! Lodi talaga." Rouie: "Over ang saya ng laban, ang bilis ng moves nila." Carter: "Shala, gusto ko rin makasali next time! Jowa goals tayo pag nanalo tayo." Zav: "Wag ka na, chill lang. Pero next game, panalo tayo for sure!"				
Akademikong talakayan Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng bilingual education sa antas ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa mataas na paaralan. Ginamit ang descriptive-correlational research design upang matukoy ang ugnayan ng wikang panturo at akademikong performance ng mga respondente. -Corpus, B. & Santos, R. (2021). Bilingual Education and Reading Proficiency in Secondary Schools. Philippine Journal of Education Research, 15(2), 45-62.				
Social media post Hanggang sa muling pagmemekus, QNHS Pamana! Matsala sa tiwala kahit pa walang katiwa-tiwala sa aking mukha. -Sigrid F. Tibordo/Facebook post				

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: **LinguaBingo**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nailalarawan ang iba't ibang barayti ng wika na ginamit sa mga piling tekstong napakinggan, nabasa, at napanood, batay sa layon, konteksto, at target na awdyens, sa pamamagitan ng isang analitikal na pagsusuri na nagpapakita ng malinaw na pag-unawa sa sosyolingguwistikong dimensyon ng wika.

III. Kagamitang Kailangan: Bingo Card

IV. Panuto:

1. Bawat mag-aaral ay bibigyan ng isang Bingo Card.
2. Bubunutin ng guro ang barayti ng wika at Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo
3. Kung may tumutugma sa nilalaman ng kanilang Bingo Card, i-*check* o markahan ito ng mag-aaral.
4. Ang unang maka-bingo (pahalang, patayo, o diagonal) ay kailangang ipaliwanag kung bakit ito ang barayti o uri ng wika bago manalo.

B	I	N	G	O
"Gipanigot ko'g tubig"	"Petmalu! Ang lodi mo talaga!"	"Kasi ang totoo, umaasa pa rin akong sabihin mo…"	"Pakisulat ang sagot sa form bago matapos ang oras."	"Ang gobyerno ay nagbigay ng bagong patakaran sa paaralan."
"Balay ko sa bukid"	"Shala! Ang gaganda ng outfit mo!"	"Lumipad ang aming team ngayong umaga."	"Kailangan nating sundin ang protocol sa opisina."	"Ang Wikang Filipino ay itinuturo sa mga paaralan."
"Mag-inom ta og kape"	"Char lang, wag ka na."	"We find ways."	"Pakibasa ang kabanata bago ang klase."	"Ang bansa ay nagpapatupad ng Bilingguwalismo sa edukasyon."
"Ate, gipaningot ko'g sinugba"	"Lodi, petmalu ang performance mo!"	"Ako na lang ulit."	"Mag-log in sa system bago mag-umpisa ang session."	"Multilingguwalismo ang patakaran sa K to 12 program."
"Naglakaw kami sa dalan"	"Wag ka na, chill lang."	"Umaasa pa rin akong makausap ka."	"Mangyaring isumite ang requirements sa deadline."	"Ang Filipino ay Wikang Pambansa ng Pilipinas."

(Kinakailangang magkaroon ng kopya ng mga mag-aaral ng magkakaibang ayos ng bingo Card ngunit maaaring palitan ng guro ang nilalaman nito)

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Reflection Wall**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagpapahayag ng kritikal na repleksiyon hinggil sa kahalagahan ng wastong paggamit ng barayti ng wika sa personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon sa pamamagitan ng isang replektibong sanaysay o journal entry na sumasalamin sa kanilang sariling pananaw at karanasan.

III. Kagamitang Kailangan: sticky note, papel, panulat

IV. Panuto: Mag-isip ng 3-5 pangungusap na maikling repleksiyon bilang sagot sa tanong na "*Paano nakatutulong ang wastong paggamit ng barayti ng wika sa iyong personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon?".* Isulat ang iyong sagot sa sticky note o papel. Babasahin ng guro ang ilang piling repleksiyon at tatalakayin ang mahahalagang idea na lumitaw sa iyong sagot. Maging tapat at isaalang-alang ang personal na karanasan, obserbasyon at mga natutunan tungkol sa wika.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:			
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5 : **Maramihang Pagpipilian**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagsasagot ng maikling pagsasanay na inihanda ng guro.

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng **pinakatamang sagot** na nagpapakita ng wastong paggamit ng wika, batay sa **layon, konteksto, at awdyens**.

1. Anong barayti ng wika ang nagpapakita ng natatanging paraan ng pagsasalita o pagpili ng salita ng isang indibidwal, na naglalarawan ng kanyang personal na estilo at karaniwang ekspresyon?
   A. Dayalek C. Idyolek
   B. Sosyolek D. Rehistro

2. Aling barayti ng wika ang nakabatay sa rehiyon o heograpikal na lokasyon ng tagapagsalita, na maaaring makaapekto sa paraan ng pakikipagkomunikasyon sa iba?
   A. Idyolek C. Sosyolek
   B. Dayalek D. Rehistro

3. Ano ang tawag sa baryasyon ng wika na ginagamit ng isang partikular na sosyal o propesyonal na grupo, at karaniwang nagtataglay ng jargon, panlasa, o terminolohiya ng grupo?
   A. Idyolek C. Sosyolek
   B. Dayalek D. Rehistro

4. Aling barayti ng wika ang naaangkop na ginagamit depende sa sitwasyon, layon, at target na awdyens, halimbawa sa pormal na presentasyon o impormal na pakikipag-usap?
   A. Idyolek C. Sosyolek
   B. Dayalek D. Rehistro

5. Tukuyin ang uri ng wika sa lipunan na ginagamit bilang pambansang midyum ng komunikasyon sa buong bansa, na nag-uugnay sa iba't ibang rehiyon at grupo:
   A. Wikang Panturo C. Wikang Pambansa
   B. Wikang Opisyal D. Bilingguwalismo

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6 : **Pagtatapat-tapat**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagsasagot ng maikling pagsasanay na inihanda ng guro.

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Tukuyin ang layon, konteksto, at awdyens ng wika sa bawat sitwasyon at iugnay ito sa pinakaangkop na paglalarawan sa **Kolum B**. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

KOLUM A	**KOLUM B**
1. Nagbigay ng presentasyon sa harap ng buong klase si Gian tungkol sa kahalagahan ng pangangalaga sa kalikasan. Gumamit siya ng pormal at maayos na Filipino. 2. Nakikipag-chat sa kanyang barkada si Enzel gamit ang mga slang at pinaikling salita tulad ng “LOL” at “OMG.” 3. Nagpadala ng liham sa kanyang guro si Seth para humingi ng extension sa pagsusulit. Ginamit niya ang pormal na pagbati at maayos na pangungusap. 4. Sa isang reunion ng mga kababayan mula sa Visayas, nagkuwento si Gelo gamit ang mga lokal na salita at ekspresyon ng kanilang rehiyon. 5. Ang isang IT professional ay nagbigay ng paliwanag sa kanyang team tungkol sa bagong software gamit ang terminolohiya at teknikal na salita na nauunawaan lamang ng mga kasamahan niya.	A. Impormal na komunikasyon sa barkada, layuning makipagkwentuhan at magpatawa B. Pormal na pakikipag-usap sa guro, layuning humingi ng pabor o permiso C. Pormal na presentasyon sa akademikong konteksto, layuning magturo at magpabatid D. Paggamit ng dayalek o lokal na wika, layuning makipag-ugnayan sa kapwa mula sa parehong rehiyon E. Paggamit ng sosyolek o teknikal na wika, layuning ipaliwanag o magturo sa kasamahan na may parehong kaalaman

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	3	**Petsa:**	
Nilalaman:	A. Barayti ng Wika 1. Idyolek 2. Dayalek 3. Sosyolek 4. Rehistro B. Wikang Pambansa, Wikang Panturo, Wikang Opisyal, Bilingguwalismo at Multilingguwalismo		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7 : **Wika sa Aking Araw**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagpapahayag ng kritikal na repleksiyon hinggil sa kahalagahan ng wastong paggamit ng barayti ng wika sa personal, akademiko, at panlipunang komunikasyon sa pamamagitan ng isang replektibong sanaysay o journal entry na sumasalamin sa kanilang sariling pananaw at karanasan.

III. Kagamitang Kailangan: papel at panulat

IV. Panuto: Sa loob ng isang araw, magsusulat ka ng maikling journal kung saan ilalarawan mo ang iba't ibang uri ng wika na iyong ginamit o narinig, tulad ng pormal, kolokyal, teknikal, o rehiyonal, at pagkatapos ay gagawa ka ng maikling repleksiyon tungkol sa kahalagahan ng tamang pagpili ng wika sa bawat sitwasyon at kung paano ito nakatutulong sa malinaw at maayos na komunikasyon sa pamilya, paaralan, o komunidad.

Pamprosesong Tanong

1. Ano-ano ang mga uri ng wika na iyong nagamit o narinig sa araw na ito, at sa anong konteksto mo ito ginamit o narinig?
2. Bakit mahalaga ang pagpili ng tamang wika sa bawat sitwasyon, at paano ito nakaaapekto sa pakikipag-usap sa ibang tao?
3. Paano mo magagamit ang napansin mong iba't ibang barayti ng wika sa iyong araw-araw na buhay sa paaralan o sa komunidad?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Alam Ko Ba 'To?**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makatutukoy ng mga may kaugnayan sa sistema ng pagsulat sa Pilipinas.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) ang may kaugnayan sa sistema ng pagsulat sa Pilipinas.

☐ **Katutubong sistema ng pagsulat**
☐ **Baybayin**
☐ **Abecedario**
☐ **Abakada**
☐ **Alfabetong Filipino**
☐ **Walong dagdag na letra**
☐ **Talumpati**
☐ **Balita**
☐ ***Social media***
☐ ***Email***

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: **Baybay *Battle*!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matukoy ang mga batayang tuntunin sa wastong pagbaybay ayon sa Ortograpiyang Pambansa.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Piliin ang tamang baybay ng bawat salita ayon sa Ortograpiyang Pambansa at ipaliwanag kung bakit ito ang tama.

Mga Salita	
1. pulitika	politika
2. nag-aaral	nagaaral
3. estilo	istilo
4. haluhalo	halu-halo
5. kuwento	kwento
6. istruktura	estruktura
7. iba't iba	iba't-iba
8. aksyon	aksiyon
9. istratehiya	estratehiya
10. dayalekto	diyalekto

Pamprosesong Tanong:

1. Bakit ito ang tamang baybay ng salita?
   _____
2. Anong tuntunin sa Ortograpiyang Pambansa ang ginamit mo sa pagpili ng sagot?
   _____
3. Paano mo malalaman kung kailan gagamit ng gitling sa isang salita?
   _____
4. Bakit mahalagang sundin ang tamang baybay sa pagsulat sa Filipino?
   _____
5. Ano ang natutuhan mo tungkol sa wastong baybay mula sa gawaing ito?
   _____
6. May iba pa bang halimbawa ng salitang may parehong tuntunin sa baybay?
   _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: **Himay-Salita**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matukoy ang pinagmulan ng mga salita.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Basahin ang bawat salita na ibibigay ng guro. Tukuyin kung saang wika nagmula ang mga ito (halimbawa: Espanyol, Ingles, o Katutubong Wika). Isulat sa katapat ng bawat salita ang tamang pinagmulan nito.

Salita	Pinagmulan ng Salita (Katutubong Wika, Espanyol, Ingles)
1. mesa	
2. silya	
3. guro	
4. telebisyon	
5. bintana	
6. relos	
7. kompyuter	
8. asawa	
9. paaralan	
10. lapis	

Pamprosesong Tanong:

A. Paano mo nasabi na galing ito sa Espanyol/Ingles/Katutubong Wika?

B. Ano ang tunog o anyo ng salita na nakatulong sa iyong paghinuha ng pinagmulan?

C. Paano nakatulong ang kasaysayan o kultura sa pagpasok ng salitang ito sa Filipino?

D. Maaari mo bang ibigay ang ibang halimbawa ng salita na galing sa parehong wika at ipaliwanag kung bakit?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Sulat Baybayin!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makasulat ng pangalan, isang paboritong salita, at isang maikling pangungusap gamit ang Baybayin.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Isulat ang inyong pangalan, isang paboritong salita, at isang maikling pangungusap gamit ang Baybayin, at ilagay sa ilalim ang katumbas nito sa modernong alpabeto. Ihanda ang inyong gawa bilang mini poster para ipakita sa klase. Para sa pagbuo ng *mini poster,* maaari itong gawin sa A4 o poster board.

	Pangalan	Paboritong Salita	Maikling Pangungusap
Baybayin			
Modernong Alpabeto			

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **Sanhi at Epekto: Wika *Edition*!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maiisa-isa ang mga sanhi ng bawat pangyayaring nakaaapekto sa pag-unlad ng wikang Filipino at maipaliliwanag ang mga naging bunga o epekto ng mga pangyayaring ito sa pag-unlad ng wikang Filipino.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Punan ang tsart sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang Filipino. Sa bawat pangyayari, ilahad ang sanhi kung bakit ito naganap at ang bunga o epekto nito sa pag-unlad ng wikang Filipino.

Pangyayari	Sanhi	Bunga / Epekto
Pagtatag ng Surian ng Wikang Pambansa		
Paggamit ng Ingles sa edukasyon		
Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134		

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Maramihang Pamimilian**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang makasusuri sa mga sitwasyong pangwika batay sa sumusunod na mga pahayag.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

1. Sa isang radyo programang pambata, madalas gumamit ng kuwento at simpleng salita para maunawaan ng mga bata. Anong sitwasyong pangwika ang ipinapakita rito?
   A. Pamahalaan
   B. Edukasyon
   C. Kalakalan
   D. Midya

2. Ang gobyerno ay naglabas ng anunsiyo sa telebisyon tungkol sa bagong batas sa trapiko. Ano ang pangunahing layunin ng sitwasyong ito?
   A. Magbigay ng impormasyon at gabay sa lipunan
   B. Magpahayag ng opinyon sa social media
   C. Magbenta ng produkto
   D. Magbigay-aliw sa publiko

3. Sa *online shopping app,* may *chat support* na nagtuturo sa *customer* kung paano gamitin ang produkto. Anong sitwasyong pangwika ito?
   A. Midya
   B. Kalakalan
   C. Edukasyon
   D. Pamahalaan

4. Ang isang guro ay nagbibigay ng fidbak sa takdang-aralin sa klase. Ano ang katangian ng wika sa sitwasyong ito?
   A. Balbal at kolokyal
   B. Di-pormal, mapang-aliw
   C. Walang pakialam sa tagapakinig
   D. Pormal, malinaw, at naglalayong magturo

5. Sa *social media*, isang *influencer* ang nagbabahagi ng opinyon tungkol sa bagong patakaran ng pamahalaan. Ano ang sitwasyong pangwika nito?
   A. Batas
   B. Midya
   C. Kalakalan
   D. Edukasyon

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Pag-unlad ng Wikang Filipino,Mga Sistema ng Pagsulat sa Pilipinas, at Mga Sitwasyong Pangwika sa Pilipinas		
Pangalan:		**Baitang:**	11/12

I. Gawain Bilang 7: **Tama o Mali!**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matukoy sa mga sitwasyong pangwika na nabanggit sa bawat pahayag.

III. Kagamitang Kailangan: Panulat, Papel

IV. Panuto: Basahin at suriing mabuti ang bawat pahayag. Iguhit ang ★ kung tama ang pahayag at ■ kung mali. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

_____1. Ang Tagalog ang naging batayan ng wikang pambansa.
_____2.Ang “Filipino” ay opisyal na wikang pambansa ng Pilipinas sa kasalukuyan.
_____3.Ang Abakada ay may 28 na letra.
_____4.Ang Alfabetong Filipino ay may walong dagdag na letra mula sa dating Abakada.
_____5.Ang wikang Filipino ay ginagamit lamang sa edukasyon at hindi sa pamahalaan o midya.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 1: Opsiyon A: FilipiKnow**

II. **Layunin:** Nakapagsusuri ng mga tekstong public-facing na nagpapakita ng kalagayan ng wika sa lipunang Pilipino.

III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel

IV. **Panuto:** *Suriin ang sumusunod na larawan at sagutin ang ilang tanong sa ibaba nito upang matasa ang iyong nalalaman sa kalagayan ng wika sa lipunan:*


MALACAÑAN PALACE
MANILA

PROCLAMATION NO. 1189

DECLARING FRIDAY, 20 MARCH 2026, A REGULAR HOLIDAY THROUGHOUT THE COUNTRY IN OBSERVANCE OF *EID'L FITR* (FEAST OF RAMADHAN)

WHEREAS, Republic Act No. 9177, amending Section 26, Chapter 7, Book I of Executive Order No. 292, declared *Eidul Fitr (Eid'l Fitr)* as a regular holiday throughout the country;

WHEREAS, the National Commission on Muslim Filipinos has recommended the declaration of 20 March 2026, (Friday), or 21 March 2026 (Saturday) as a national holiday in observance of *Eid'l Fitr* (Feast of Ramadhan);

WHEREAS, in order to bring the religious and cultural significance of the *Eid'l Fitr* to the fore of national consciousness, and to allow the entire Filipino nation to join their Muslim brothers and sisters in peace and harmony in the observance and celebration of *Eid'l Fitr*, it is necessary to declare 20 March 2026, Friday, a regular holiday throughout the country;

NOW, THEREFORE, I, FERDINAND R. MARCOS, JR., President of the Philippines, by virtue of the powers vested in me by law, do hereby declare Friday, 20 March 2026, a regular holiday throughout the country in observance of *Eid'l Fitr* (Feast of Ramadhan).


IN WITNESS WHEREOF, I have hereunto set my hand and caused the seal of the Republic of the Philippines to be affixed.

Done in the City of Manila, this 12th day of March, in the year of Our Lord, Two Thousand and Twenty Six.


By the President:

RALPH G. RECTO
Acting Executive Secretary

THE PRESIDENT OF THE PHILIPPINES







Mga gabay na tanong sa pagsusuri:

1. Anong wika ang ginagamit sa bawat sitwasyon?
   a. Anunsyo ng pamahalaan
   b. Kalatas ng edukasyon
   c. Social media posting
   d. Balita mula sa malaking network
2. Saang sitwasyon madalas gamitin ang Filipino?
3. Kailan ito nahahalilihan ng Wikang Ingles at iba pangwika?
4. Ano ang ipinapahiwatig nito hinggil sa kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunan sa kasalukuyan?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 2: Opsiyon B: Filipi-No o Oo**

II. **Layunin:** Natitimbang ang estado ng Wikang Filipino sa tulong mga sinuring sitwasyon na ginagamitan ng wika.

III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel

Panuto: *Suriing mabuti ang sumusunod na sitwasyon. Isulat ang* ***Oo*** *kung Wikang Filipino ang madalas na wikang naoobserbahang ginagamit dito at* ***No*** *naman kung wikang banyaga.*

1. Pagtugon ng mga kalahok sa Q&A portion ng mga beauty contest.
2. Pagsagot sa interview ng mga kilalang personalidad sa mga naglalakihang network sa telebisyon.
3. Balitaktakan sa comment section ng post sa social media tungkol sa usaping politikal.
4. Pagbaba ng memorandum sa mga paaralan ng tanggapan ng Department of Education.
5. Pagdinig sa senado tungkol sa kaso ng malawakang korapsiyon.
6. *Graduation speech* ng mag-aaral na nagtamo ng pinakamataas na karangalan sa batch.
7. Kapsiyon ng larawan sa social media posting ukol sa pinasyalang kilalang lugar sa bansa.
8. Pagsusumite ng panukalang batas sa kongreso.
9. State of the Learner Government Address (SOLGA) bilang pangulo ng SSLG.
10. Hashtag sa social media post upang magtamo ng malawak na *engagement, shares* at *reactions*.

Mula sa iyong mga naging tugon, bilugan ang higit na naging matimbang sa timbangan ng katarungan at sagutin ang ilang katanungan.



Gabay na Tanong:

1. Alin ang higit na naging matimbang? Oo o No?
2. Bakit kaya ito ang nakalamang na wika sa mga ibinigay na sitwasyon?
3. Ano ang ibig ipakahulugan ng resulta nito sa kalalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino? Makatarungan bang matatawag ito?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 3: OPSIYON A: BIDYO-HIMAY**

II. **Layunin:** Nasusuri ang nilalaman ng isang bidyo na tumatalakay sa Wikang Filipino bilang paghahanda pagsulat ng kritikal na sanaysay.

III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel

IV. **Panuto:** *Panoorin ang maikling bidyo na tumatalakay sa Wikang Filipino sa modernong panahon at himayin ang nilalaman nito gamit ang ibinigay na gabay.*



Link: Huling Hirit sa Buwan ng Wika: Ang wikang Filipino sa modernong panahon - YouTube

Gabay sa Paghihimay:




GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 4: OPSIYON B: SALIKSURI**
II. **Layunin:** Nasusuri ang nilalaman ng isang abstrak na tumatalakay sa Wikang Filipino bilang paghahanda pagsulat ng kritikal na sanaysay.
III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel
IV. **Panuto:** *Suriin ang halimbawang abstrak ng saliksik na tumalatakay sa Wikang Filipino at ibigay ang hinihinging detalye.*

Maaakses ang sipi ng abstrak sa link:


WIKANG-FILIPINO-SUSI-SA-PAG-UNLAD-KAPAG-ITINURO-AT-PINAGYAMAN.pdf



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 5: OPSIYON A: BALANGKASanaysay**
II. **ayunin:** Nakabubuo ng balangkas ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.
III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel
IV. **Panuto:** Bumuo ng balangkas ng kritikal na sanaysay ukol sa kasalukuyang sitwasyon ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 6: OPSIYON B: TSEK-LIST**
II. **Layunin:** Naiisa-isa ang katangian ng isang kritikal na sanaysay sa pamamagitan ng tseklist.
III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel
IV. **Panuto:** *Gumawa ng talaan ng mga katangian upang matiyak na ang isang sulatin ay isang kritikal na sanaysay.*

Masasabing Kritikal
ang Sanaysay kung...



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	5	**Petsa:**	
Nilalaman:	*Pagbuo ng Tesis o Pangunahing Argumento*		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. **Gawain Bilang 7: OPSIYON A: SUBOK-SULAT**
II. **Layunin:** Nakasusulat ng kritikal na sanaysay na tumatalakay sa kasalukuyang kalagayan ng Wikang Filipino sa lipunang Pilipino.
III. **Kagamitang Kailangan**: ballpen, papel
IV. **Panuto:** Sumulat ng isang kritikal na sanaysay batay sa binalangkas na ideya sa gawain sa *Paglinang ng Kabihasaan Opsiyon A.* Gamitin ang sumusunod na pamantayan sa pagmamarka.

Pamantayan	40 – Napakahusay	30 – Mahusay	20 – Katamtaman	10 – Kailangang Paunlarin
Nilalaman at Kaisipan	Malinaw at matibay ang pangunahing argumento; may malalim na pagsusuri at konkretong halimbawa; naipapakita ang kritikal na pag-iisip tungkol sa kalagayan ng Wikang Filipino.	Maayos ang argumento; may pagsusuri at ilang halimbawa; nagpapakita ng kritikal na pag-iisip.	May pangunahing ideya ngunit limitado o mababaw ang pagsusuri; ilang halimbawa lamang.	Mahina o hindi malinaw ang argumento; kulang sa pagsusuri at halimbawa.
Organisasyon	Lohikal at malinaw ang daloy ng sanaysay; maayos ang introduksyon, katawan, at konklusyon; mahusay ang transisyon ng mga ideya.	Maayos ang daloy ng sanaysay; may ilang maliit na kahinaan sa organisasyon o transisyon.	May ilang lohikal na koneksyon ngunit hindi tuloy-tuloy ang daloy; may kulang sa introduksyon o konklusyon.	Magulo o walang malinaw na organisasyon; hindi malinaw ang daloy ng ideya.
Ebidensya at Suporta	Gumagamit ng makabuluhan at maaasahang ebidensya, datos, o halimbawa; maayos ang pagsasama sa argumento.	Gumagamit ng ebidensya o halimbawa ngunit hindi palaging sapat o malinaw ang koneksyon sa argumento.	Limitado ang ebidensya o halimbawa; madalas hindi malinaw ang koneksyon sa argumento.	Kulang sa ebidensya o halimbawa; walang malinaw na suporta sa argumento.
Estilo at Balarila	Wasto at malikhain ang paggamit ng wika; walang o halos walang gramatikal na kamalian; malinaw at epektibo ang pagpapahayag.	Karaniwan ang paggamit ng wika; may ilang gramatikal na kamalian ngunit hindi nakakaapekto sa pag-unawa.	Madalas ang gramatikal na kamalian o hindi malinaw ang pagpapahayag; may epekto sa pag-unawa.	Maraming gramatikal na kamalian; mahirap intindihin ang sanaysay.
Pagkamalikhain at Kritikal na Pag-iisip	Malikhain at mapanuri; nagpapakita ng sariling pananaw at malalim na interpretasyon sa kalagayan ng Wikang Filipino.	May sariling pananaw at interpretasyon ngunit hindi palaging malalim o mapanuri.	Limitado ang sariling pananaw; mababaw ang interpretasyon.	Wala o halos walang sariling pananaw; hindi mapanuri.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **EMOJImania**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Ang makikita sa ibaba ay isang mensahe na binubuo lamang ng mga simbolo, larawan, o emoji. Sa loob ng isang minuto, susubukang tukuyin ng bawat mag-aaral ang kahulugan ng ipinakitang mensahe at isusulat ito sa kanilang papel.

Halimbawa:

🌼 📖 ✏️

Kahulugan: Mag-aral sa umaga.
Paliwanag: Ang araw 🌼 ay sumisimbolo ng umaga, libro 📖 at lapis 🖍️ ay nagrerepresenta ng pag-aaral.

1. 🏃 ⏰ ☁️
2. 🍽️ 📚 🛏️
3. 🍉 🍲 🦾
4. 🚌 🏫 ⏱️ 📚
5. 🧮 📝 ⏰ 🚨

Pamprosesong Tanong:

1. Paano mo iniugnay ang bawat simbolo sa posibleng kahulugan ng mensahe?
2. Ano ang ginawa mo o ginawa ng klase upang maipaliwanag nang malinaw sa iba ang kahulugan ng mensahe?
3. Paano nakatulong ang mga simbolo o *emoji* sa pagpapahayag ng mensahe kahit walang salita, at ano ang natutunan mo sa aktibidad na ito?

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: **biSwALITA**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

Panuto: Tukuyin ang mga nawawalang salita na bubuo sa diwa ng mga layuning pampagkatuto sa ibaba sa tulong ng mga larawan.



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	


I. Gawain Bilang 3: **Pagmamapa ng Komunikasyon**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

Panuto: Suriin ang halimbawang sitwasyon na nagpapakita ng komunikasyon at imapa sa tulong ng talahanayan.





Magbigay ng mas malinaw na bersyon ng mensahe ni Carla.

_____.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **KomuniCOMPARE**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon sa ibaba. Bumuo ng isang *comparative table* at tukuyin ang uri, antas, elemento (sender, mensahe, daluyan, reciever, feedback) at posibleng ingay sa komunikasyon. Isulat ang inyong sagot sa tamang kolum at ipaliwanag sa maikling pangungusap kung bakit ninyo ito pinili.

Limang Sitwasyon para sa Pagsusuri

1. **Sitwasyon 1 – Memorandum sa Paaralan**
   Nagpadala ang punongguro ng memo sa lahat ng guro tungkol sa bagong iskedyul ng klase at patakaran sa pagpasok.
2. **Sitwasyon 2 – Chat sa Kaibigan**
   Nag-text si Gian sa kaniyang kaibigan tungkol sa plano nilang mag-hangout pagkatapos ng klase.
3. **Sitwasyon 3 – Social Media Post**
   Nag-post si Enzel ng larawan at kapsyon tungkol sa kaniyang school project sa Facebook.
4. **Sitwasyon 4 – Personal Reflection**
   Nagsulat si Gelo sa kaniyang diary tungkol sa kaniyang naramdaman matapos ang isang school event.
5. **Sitwasyon 5 – Work Email**
   Nag-email ang manager sa kanyang empleyado tungkol sa iskedyul ng meeting at mga gagawin sa proyekto.

Pamprosesong Tanong

1. Paano mo matutukoy ang uri ng komunikasyon sa bawat sitwasyon at ano ang batayan mo sa pagpili nito?
2. Paano mo maipakikita sa table ang antas ng komunikasyon at ano ang pagkakaiba ng bawat antas sa mga sitwasyon?
3. Paano mo matutukoy ang bawat elemento ng komunikasyon (sender, mensahe, daluyan, receiver, feedback) sa isang sitwasyon at paano sila magkakaugnay?
4. Ano ang mga posibleng ingay na nakaaapekto sa mensahe sa bawat sitwasyon at paano ito naiiba sa bawat kaso?
5. Paano mo maipaliliwanag sa isang maikling pangungusap ang pinili mong sagot sa bawat kolum at paano ito nakatutulong sa pagkaunawa ng proseso ng komunikasyon?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **Tamang Tugon**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang naipaliliwanag ang kahalagahan ng komunikasyon at ang ugnayan ng mga uri, antas, at elemento nito sa proseso ng pagpapalitan ng mensahe.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

Panuto: Suriin ang mga sitwasyon at bumuo ng pinakamainam na tugon para sa maayos na komunikasyon.

Sitwasyon 1:
Si Carlo ay huli sa pagsusumite ng takdang-aralin. Kailangan niyang mag-email sa guro tungkol dito.

_____
_____
_____

Sitwasyon 2:

Si Ana ay may idea para sa proyekto ngunit may kasamahan na hindi sumusunod sa *deadline*.

_____
_____
_____

Sitwasyon 3:

Nagkaroon ng hindi pagkakaintindihan ang magkaklase tungkol sa usaping politika kahapon.

_____
_____
_____

Sitwasyon 4:

Nais mag-follow-up sa isang online shop tungkol sa *delayed delivery*.

_____
_____
_____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Talas ng Talastasan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nasusuri ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

Panuto: Suriin ang social media na nasa ibaba at sagutin ang mga kalakip na tanong.

Minsang napuna onlayn ni Dr. Joselito Delos Reyes, professor sa University of Sto. Tomas, ang kakaibang kaparaanan ng pagcha-chat ng Ge Z at tail-end millenial. Nasa ibaba ang post:

> **Joselito D. Delos Reyes** March 24, 2025 · 🌐
>
> Uso ba talaga 'yung pag-chat na may extra letters sa dulo? Like, "Okay po sirrrrrr" o kaya "Thank you pooooo"?
>
> Pansin ko ito sa ilang ka-chat ko na Gen Z at nasa tail-end ng millennial. Ganito ang mga pamangkin ko at class reps ko sa university. Kunsabagay, hindi na naman na per character o letters ang bayad hindi gaya noon na piso isang text kaya muntik nang maging obsolete ang vowels. Hnd nmn d b? BL8D hbd pl Crstn Rys!

Sa post, na-mention ni Dr. Delos Reyes si Dr. Nicanor Guinto, propesor sa Southern Luzon State University, upang magbahagi ng analisis. Nasa ibaba ang tugon:

> **Joselito D. Delos Reyes** Dr. **Nic L. Guinto**, pakisipat nga po sa lens ng pragmatics at discourse analysis. Thanks.
>
> **Nic L. Guinto** Looks like emerging politeness marker po sa chatting practices ng younger generation sa atin, Doc **Joselito D. Delos Reyes** 😄 Pansin ko rin po sa mga estudyante ko... May graphophonemic affordance yung pag-extend ng supposed middle or terminal (typically vowel) sound to signal tenderness (as opposed to the standard spelling and writing conventions that may be misconstrued as too aggressive, blunt, scholarly, or too formal)😄 Parang gusto nilang irepresent creatively in writing yung polite na tono. And amazing po sya to me kasi there could have been other ways (emojis, gifs, etc.), but mas naging productive yung lengthening of the middle or terminal sound 😄
>
> And this would be a very interesting topic na pag aralan sir! Mas naging interesado po ako sa comments dito sa post nyo! 😄

Mga Tanong:

1. Ginagawa mo rin ba ang post na ito? Ilahad ang iyong sagot at dahilan.
2. Sumasang-ayon ka ba sa kanyang idea? May kapareho ka bang layon sa paggamit ng ganitong uri ng *typing*?
3. May iba pa bang gawi ng komunikasyong onlayn ang ginagamit bukod dito? Ibahagi.
4. Sa iyong palagay, ano ang ibig ipakahulugan ng nagbabagong mukha ng komunikasyong ito? Ipaliwanag.

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: **Punan ang Diyagram**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang natutukoy ang kahulugan, kahalagahan, uri, antas, elemento, at proseso ng komunikasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Punan ng angkop na impormasyon ang diyagram upang mabuod ang aralin.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 8: **MESSage UNMESSed**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nasusuri ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Magbibigay ang guro ng isang halimbawa ng magulong mensahe. Kailangang maisaayos ito ng mga mag-aaral upang maging malinaw at epektibo. Isusulat ang bagong bersiyon at ipaliliwanag kung paano binago ang daluyan, tono, at paraan ng pagpapahayag upang mas madaling maintindihan ng tatanggap at mas malinaw ang fidbak. Pagkatapos nito, tatawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang naging awtput sa klase.

Halimbawa

- **Orihinal na Mensahe:**
  "Assignment bukas submit ha."
- **Naayos na Bersyon:**
  "Pakisumite po ang inyong assignment bukas bago mag-3 PM."
- **Paliwanag ng Pagbabago:**
  Daluyan: Mas malinaw sa formal na email o chat message.
  Tono: Mas magalang at propesyonal.
  Feedback/Unawaan: Mas madaling maunawaan at mas malinaw ang deadline, kaya mas maayos ang magiging tugon.

Mga Mensahe

1. "report due submit asap"
2. "lab tomorrow bring stuff"
3. "teacher pls check hw"
4. "meeting change location"
5. "don't forget quiz"

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	6	**Petsa:**	
Nilalaman:	**Konseptong Pangkomunikasyon**		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 9: **Anong Say Mo?**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nasusuri ang proseso ng komunikasyon sa isang ibinigay na sitwasyon at nakabubuo ng epektibong mensahe na isinasaalang-alang ang konteksto, daluyan, at posibleng ingay.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at panulat

IV. Panuto: Magbigay ng sariling saloobin hinggil sa mga napapanahong anyo ng hindi pagkakaunawaan.




1. “Ihiwalay ang Facebook ng matatanda.” -Gen Z
2. “Tumataba ka.” -Tita
3. “Kailan ka mag-aasawa?” -Lola
4. “Bakit wala ka pang anak?” -Batchmate

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Wika-Balangkas**
II. Layunin: Naipaliliwanag ang kahulugan at kahalagahan ng kakayahang komunikatibo
III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng Graphic organizer, papel, at panulat
IV. Panuto: Sa bidyo na inyong napanuod sagutan ang grapahic organizer na nasa ibaba:



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: **Wika-Lapat**

II. Layunin: Nasusuri ang iba't ibang sitwasyong pangwika sa lipunan na ginagamit ang mga kakayahang komunikatibo.

III. Kagamitang Kailangan: Screen para sa pagpapakita ng Facebook posts o TikTok comments, video clips ng mga usapang may hindi pagkakaunawaan, at mga viral advocacy posts o public apology videos

IV. Panuto: Susuriin ang facebook post at sagutan ang mga katanungan sa baba:



1. **Pragmatiko:** Ano ang tunay na layunin ng nag-post? (Mang-aliw? Manira? O maghasik ng takot?)
2. **Diskorsal:** May lohika ba ang pagkakasunod-sunod ng mga ebidensya sa post?
3. **Estratehiko:** Paano mo ipapaliwanag sa isang kamag-anak o kaibigan na "fake news" ang kanilang shinare sa paraang hindi sila mapapahiya o magagalit? (Gumamit ng *politeness strategies*).

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: **Sentence remix challenge**

II. Layunin: paunlarin ang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtukoy at pagwawasto ng maling balarila upang maging malinaw at gramatikal ang pangungusap.

III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat

IV. Panuto: Ayusin ang pangungusap upang maging gramatikal at wasto, at ipaliwanag kung bakit mo ito binago.

Mga pangungusap na may maling balarila.

1. Juan kumain ng saging habang naglalaro siya sa labas.
2. Ako gusto pumunta sa party bukas kung maaga.
3. Si Ana at Maria nag-aral sa library pero sila nakalimutan ng libro nila.
4. Umiyak ang bata dahil sa nasira kanyang laruan at siya malungkot.
5. Naglakad kami sa parke pagkatapos ay bumili ng ice cream at kami masaya.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Ayusin ang Kwento**

II. Layunin: Paunlarin ang kakayahang lingguwistiko ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtukoy at pagwawasto ng maling balarila upang maging malinaw at gramatikal ang pangungusap.

III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat

IV. Panuto: Ang mga pangungusap sa ibaba ay hindi nakaayos. Ayusin ang mga ito upang makabuo ng maayos at magkakaugnay na kwento. Isulat ang tamang pagkakasunod-sunod (1–10).

Mga Pangungusap

_____A. Pagkatapos ay nagpasalamat nang labis si Ana sa taong tumulong sa kanya.
_____B. Nawawala pala ito habang siya ay pauwi.
_____C. Isang araw ay naglalakad si Ana pauwi mula sa paaralan.
_____D. May mabuting tao na nakakita ng pitaka sa kalsada.
_____E. Napansin ni Ana na wala na ang kanyang pitaka sa bag.
_____F. Nagtanong-tanong siya sa mga taong malapit sa lugar.
_____G. Sa loob ng pitaka ay may ID na may pangalan ni Ana.
_____H. Dahil dito ay hinanap ng nakapulot ang may-ari nito.
_____I. Makalipas ang ilang sandali ay nakita niya muli ang kanyang pitaka.
_____J. Ibinigay ng mabuting tao ang pitaka kay Ana.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **Tama o Mali**

II. Layunin: Matutunan ng mga mag-aaral na kilalanin kung tama o mali ang isang pahayag sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbibigay ng tamang sagot.

III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat

IV. Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay tama at kung **MALI** naman isulat ang tamang salita sa tanong.

1. Ang kakayahang lingguwistiko ay tumutukoy sa wastong paggamit ng balarila, baybay, at estruktura ng pangungusap. _____
2. Bahagi ng kakayahang lingguwistiko ang paggamit ng angkop na tono kapag nakikipag-usap sa iba't ibang tao. _____
3. Iisang paraan lamang ang dapat gamitin sa pakikipag-usap kahit sino pa ang kausap. _____
4. Ang paggamit ng “po” at “opo” sa pakikipag-usap sa nakatatanda ay halimbawa ng sosyolingguwistikong kakayahan. _____
5. Ang kakayahang pragmatiko ay tumutukoy sa pag-unawa sa kahulugan ng mensahe batay sa konteksto ng sitwasyon. _____
6. Kapag sinabi ng guro na “Mukhang mainit dito sa silid,” maaaring ibig niyang ipahiwatig na buksan ang bintana o bentilador. _____
7. Ang kakayahang diskorsal ay tumutukoy sa pag-uugnay ng mga pangungusap upang makabuo ng malinaw at organisadong ideya. _____
8. Hindi mahalaga ang pagkakasunod-sunod ng mga ideya sa isang kwento o talata. _____
9. Ang kakayahang estratehiko ay ginagamit kapag naghahanap ng paraan upang maipagpatuloy ang komunikasyon kahit may kahirapan o kakulangan sa salita. _____
10. Kapag nakalimutan ang isang salita, mas mabuting tumigil na lamang sa pagsasalita. _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Iisang Mensahe, Iba't Ibang Ka-usap**

II. Layunin: Matutunan ng mag-aaral kung paano iangkop ang tono at salita depende sa kausap para sa epektibong komunikasyon. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat.

III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat

IV. Panuto: Basahin ang sitwasyon. Isulat kung paano ka makikipag-usap gamit ang pormal at di-pormal na pahayag.

Halimbawa:
Sitwasyon: Hihingi ka ng pahintulot na lumabas.
Sa kaibigan (Di-pormal) : Uy, tara, lumabas tayo mamaya, game ka?

Sa magulang (Pormal): Ma, puwede po ba akong lumabas mamaya?

1. Sitwasyon: Hihiram ka ng ballpen.
Sa kaibigan (Di-pormal): _____
Sa Kaklase (Pormal): _____

2. Sitwasyon: Magtatanong ka tungkol sa takdang-aralin.
Sa kaibigan (Di-pormal): _____
Sa guro (Pormal): _____

3. Sitwasyon: Nahuhuli ka sa pagdating.
Sa kaibigan: _____
Sa magulang: _____

4. Sitwasyon: Magpapasalamat ka sa tulong.
Sa kaibigan (Di-pormal): _____
Sa nakatatanda (Pormal): _____

5. Sitwasyon: Hihingi ka ng tulong sa paggawa ng proyekto.
Sa kaibigan (Di-pormal): _____
Sa guro (Pormal): _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	7	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kakayahang Komunikatibo A. Lingguwistiko/ Estruktural/ Gramatikal B. Sosyolingguwistiko C. Pragmatiko D. Diskorsal E. Estratehiko		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: **Quick Fix Miscommunication**

II. Layunin: matutunan ng mag-aaral na tukuyin at ayusin ang hindi pagkakaintindihan sa online na komunikasyon gamit ang angkop na estratehiya.

III. Kagamitang Kailangan: Sipi ng mga pangungusap, sagutang papel, at panulat

IV. Panuto: Magbigay ng isang maikling online miscommunication scenario (hal. maling chat, vague email). Magbigay ng 2–3 simpleng solusyon (clarify, repeat, polite phrasing). Ipaliwanag kung bakit epektibo ang solusyon.

Halimbawa:

Sample Scenario:
Nakakuha ka ng chat mula sa kaklase:
"Sige, gawin mo na lang mamaya 🙄"
Hindi mo alam kung gusto niyang talagang gawin mo ito mamaya, o parang may inis siya.

Mga Simpleng Solusyon:

1. **Clarification**
   - Malinaw ang intensyon ng kausap at maiwasan ang maling akala.
2. **Repetition / Paraphrasing**
   - Nakikita ng kausap na naiintindihan mo ang kanyang sinabi at nagbibigay pagkakataon na itama ang anumang misunderstanding.
3. **Polite Phrasing**
   - Mananatiling magalang ang tono, kahit may hindi pagkakaintindihan.

Scenario:

_____

Mga Solusyon:

1. _____

2. _____

3. _____

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: ***I-Konek***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maiuugnay ang bawat layunin sa posibleng *real-life application.*

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Basahin at unawain ang mga layunin ng aralin na ipapakita ng guro. Gamit ang graphic organizer, iugnay ang bawat layunin sa mga sitwasyon kung saan ito maaaring magamit sa tunay na buhay. Isulat ang iyong sagot sa talahanayan at maging handa sa maikling pagbabahagi ng paliwanag.



Pamprosesong Tanong:

1. Ano ang napansin ninyo sa ugnayan ng mga layunin ng aralin at mga sitwasyong pang-araw-araw?
2. Paano nakatutulong ang akademikong Filipino sa mga gawaing nabanggit ninyo sa tunay na buhay?
3. Bakit mahalagang malinaw ang layunin ng aralin bago ito pag-aralan?
4. Alin sa mga layunin ang sa tingin ninyo ay pinakamalapit ninyong magagamit? Bakit?
5. Batay sa inyong mga sagot, bakit mahalagang pag-aralan ang akademikong Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: ***Hula-Disiplina***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang masusuri ang bawat terminolohiyang akademiko at matutukoy kung saang disiplina o larangan ito karaniwang ginagamit.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Basahin at suriin ang bawat terminolohiyang akademiko na ibibigay. Tukuyin kung saang disiplina o larangan ito karaniwang ginagamit.

Salita / Terminolohiya	Disiplina / Larangan
Haypotesis	
Supply at *Demand*	
Metapora	
Globalisasyon	
Anatomiya	
Database	
Kurikulum	
Estetika	
Konstitusyon	
Algorithm	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: ***Terminolohiya Builder***

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang matutumbasan ng salitang Filipino ang mga terminong Ingles.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Isulat sa talahanayan ang katumbas na salitang Filipino ng mga terminong Ingles na ibibigay ng guro. Kung wala pang tiyak na salin, maaari kayong bumuo ng angkop na terminong Filipino.

Salita sa Wikang Ingles	Salin sa Filipino
Communication	
Information	
Culture	
Government	
Science	
Environment	
Democracy	
Industry	
Development	
Tradition	
Technology	
Constitution	
Economy	
Diagnosis	
Education	

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Akademikong Filipino in Action**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang mapalakas ang kritikal at malikhaing pag-iisip sa pagpili ng paksa, pagbuo ng materyal, at pagpapaliwanag ng impormasyon sa target na audience.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat, Pamantayan

IV. Panuto: Pumili ng alinman sa mga disiplina matapos ay sundin ang sumusunod na hakbang:

- Pumili ng isa sa mga sumusunod na gawain na puwede mong gawin sa paaralan o komunidad:
    - Pagsasalin ng maikling artikulo o aklat sa Filipino
    - Pagsulat ng sanaysay o replektibong papel sa Filipino
    - Pagbuo ng poster o infographic sa Filipino tungkol sa isang konsepto o disiplina
    - Paglikha ng mini-presentation o video sa Filipino tungkol sa isang paksa ng interes
    - Pagdisenyo ng Word Wall o glosaryo ng teknikal na termino sa Filipino
- Isulat sa maikling tala ang:
    - Paksa o tema ng gagawing proyekto
    - Layunin (Ano ang gustong maiparating?)
    - Target na mambabasa o audience
- Siguraduhing sundin ang katangian ng Akademikong Filipino:
    - Pormal at malinaw ang wika
    - Obhetibo at suportado ng ebidensiya
    - May tamang gramatika at baybay
    - May sanggunian kung kinakailangan
- Ipakita ang alinman sa intelektuwalisasyon ng wika:
    - Pagsasakatutubo → paggamit ng lokal na halimbawa
    - Pagsasalin → paglilipat ng kaalaman mula ibang wika
    - Paglikha ng terminong teknikal → pagbibigay ng katumbas na salita sa Filipino
- Ipakita ang awtput sa guro o sa klase.

Pamantayan	Depinisyon / Inaasahan	Puntos
Nilalaman at Kaalaman	Malinaw na naipapakita ang akademikong paksa; obhetibo at suportado ng datos o halimbawa.	15
Organisasyon at Estruktura	May maayos na script/outline; malinaw ang introduksyon, katawan, at konklusyon ng segment.	10
Paggamit ng Wika	Pormal at malinaw ang Filipino; tama ang gramatika, bigkas, at baybay; naaayon sa akademikong estilo.	10
Kasiningan at *Visual Aid*	Naka-engganyo ang presentasyon; may *visual aid*, halimbawa, o *props* na tumutulong sa pagpapaliwanag.	10
Repleksyon	Maayos at makabuluhang pangungusap tungkol sa kahalagahan ng Akademikong Filipino sa segment.	5

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **TALAkayan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang maipakita kung paano nakatutulong ang Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman at pagpapalakas ng intelektwal na diskurso sa lipunan.

III. Kagamitang Kailangan: word wall

IV. Panuto: Sa tulong ng *word wall* sagutin ang mga katanungang:

1.Bakit mahalaga ang sariling wika sa pag-aaral at pananaliksik?

2.Paano nakatutulong ang Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman sa lipunan at pagpapalakas ng intelektuwal na diskurso? Halimbawa:

- Pagsasalin ng aklat sa agham sa Filipino
- Paggamit ng Filipino sa seminar o talakayan
- Paglikha ng lokal na pananaliksik o sanaysay sa Filipino



(Halimbawa ng *word wall, generate* mula sa ChatGPT)

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Filipino Notes: Akademikong Diary**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang mapalakas ang replektibong pag-iisip at pagpapahalaga sa kultura at pambansang identidad sa pamamagitan ng pagsusulat ng journal entry.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Bumuo ng isang journal. Gamiting gabay ang mga sumusunod na hakbang at katanungan:

1. *Pangunahing Gawain*

- Ilarawan ang akademikong gawain o proyektong ginawa mo o naranasan mo sa araling ito.
  Halimbawa: Research paper, presentasyon, seminar, pagsasalin ng aklat, o paggawa ng sanaysay.

2. *Paggamit ng Akademikong Filipino*

- Paano ginamit ang Filipino sa gawain?
- Ano ang katangian ng wika na napansin mo? (pormal, obhetibo, malinaw, may sanggunian)

3. Kahalagahan sa Pagpapalaganap ng Kaalaman

- Paano nakatulong ang Filipino sa pagpapalaganap ng kaalaman, edukasyon, o intelektuwal na diskurso?
- Paano ito nakatulong sa pagpapalakas ng kultura at pambansang identidad?

4. Repleksiyon

- Tapusin ang iyong dyornal sa pangungusap:

"Para sa akin, mahalaga ang Akademikong Filipino dahil _____."


Filipino Notes: Akademikong Diary

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: **Analohiya**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang mahusay na maunawaan at mailarawan ang relasyon ng mga ideya o konsepto sa akademikong konteksto.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pares ng salita o parirala. Tukuyin ang ugnayan ng unang pares at piliin sa mga pagpipilian ang salitang bubuo sa analohiya upang maging lohikal at tama ang relasyon ng mga ideya. Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Introduksiyon : Simula ng papel-pananaliksik :: Kongklusyon : _____
A. Paglalahad ng datos
B. Pagbibigay ng halimbawa
C.Pagpapaliwanag ng metodo
D. Pagtatapos o pagbubuod ng pag-aaral

2. Pananaliksik sa pedagohiya : Edukasyon :: Pananaliksik sa kultura ng Pilipinas : _____
A. Matematika
B. Teknolohiya
C. Ekonomiks
D. Sining at Humanidades

3. Pagsasakatutubo : Kontekstong Pilipino :: Pagsasalin : _____
A. Paglilipat ng wika
B. Pagbabago ng idea
C. Pagbibigay ng opinyon
D. Pagdaragdag ng halimbawa

4. Pagpapalakas ng pambansang identidad : Wikang Filipino :: Pagiging inklusibo sa edukasyon : _____
A. Pagsasalin ng aklat
B. Pagsusulat ng sanaysay
C. Iba't ibang wika sa silid-aralan
D. Pag-unawa ng maraming mag-aaral

5. Pagpapalakas ng pambansang identidad : Wikang Filipino :: Pagiging inklusibo sa edukasyon : _____
A. Pagsasalin ng aklat
B. Pagsusulat ng sanaysay
C. Iba't ibang wika sa silid-aralan
D. Pag-unawa ng maraming mag-aaral

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	8	**Petsa:**	
Nilalaman:	Akademikong Filipino at Akademikong Filipino sa Iba't Ibang Disiplina		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 8: **Tama o Mali**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ikaw ay inaasahang masuri ang mga pahayag at paghusga sa katumpakan ng mga pahayag.

III. Kagamitang Kailangan: Papel at Panulat

IV. Panuto: Basahin ang bawat pahayag. Kung sa tingin mo ay **tama**, isulat ang **Akademiko**. Kung mali, isulat ang **Filipino**.

1. Ang Akademikong Filipino ay ginagamit lamang sa pagsusulat ng sanaysay at hindi sa pasalitang presentasyon.
2. Isa sa mga layunin ng Akademikong Filipino ay ang pagpapalakas ng pambansang identidad sa pamamagitan ng paggamit ng sariling wika sa diskursong intelektuwal.
3. Ang intelektuwalisasyon ng Filipino ay nangangahulugang ginagamit ang wika sa mataas na antas ng kaalaman, kabilang ang agham, teknolohiya, at akademikong pananaliksik.
4. Ang pagsasakatutubo (Indigenization) ay proseso ng direktang paggamit ng banyagang konsepto nang hindi iniangkop sa kontekstong Pilipino.
5. Sa pasulat na Akademikong Filipino, hindi mahalaga ang sistematikong organisasyon at maaring walang malinaw na balangkas.
6. Ang pagsasalin (Translation) ay mahalaga upang maging mas accessible ang mga akdang akademiko sa mas maraming mambabasa at mapalawak ang bokabularyo ng Filipino.
7. Sa larangan ng agham at teknolohiya, hindi kailangan ang paglikha o pagsasalin ng mga terminong Filipino dahil mas madaling gamitin ang Ingles.
8. Ang Akademikong Filipino ay ginagamit sa iba't ibang disiplina tulad ng edukasyon, sining at humanidades, agham, medisina, agham panlipunan, batas, ICT, negosyo, at teknikal-propesyonal na larang.
9. Ang pormal at obhetibong wika ay hindi kinakailangan sa Akademikong Filipino, basta malinaw ang pagkakasulat ng idea.
10. Ang Akademikong Filipino ay tumutulong sa mas malinaw na pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga konseptong akademiko at intelektuwal.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Kilalanin ang Larangan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy nang wasto ang disiplina o larangan na kinapapalooban ng iba't ibang sitwasyon o pahayag.

III. Kagamitang Kailangan: Lapis o ballpen, Pisara/Whiteboard, Marker o chalk, Projector/TV/Laptop (opsyonal).

IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pahayag at tukuyin kung saang disiplina ito nabibilang sa pamamagitan ng pagpili ng titik ng tamang sagot mula sa kahon, at isulat ito sa iyong sagutang papel.

A. Edukasyon
B. Sining at Humanidades
C. Agham at Teknolohiya
D. Medisina at Kalusugan
E. Agham Panlipunan
F. Batas
G. Inhenyeriya at ICT
H. Negosyo at Kalakalan
I. Teknikal-Propesyonal na Larang
J. Iba Pa

____1. Paggawa ng lesson plan at pagsusuri ng kurikulum
____2. Pagsusuri ng isang nobela gamit ang teoryang Pampanitikan
____3. Pagbuo ng mobile application
____4. Pagsasagawa ng feasibility study para sa isang produkto
____5. Paggamit ng diagnostic tools sa ospital
____6. Pagdidisenyo ng tulay at gusali
____7. Pagsasagawa ng survey sa kahirapan ng isang barangay
____8. Pag-oopera sa pasyenteng may appendicitis
____9. Paggawa ng kontrata ng dalawang kompanya
____10. Pag-aaral ng epekto ng climate change sa palay

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 2: **Handa Ka Na Ba?**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang masusuri ang sariling paunang kaalaman tungkol sa iba't ibang disiplina bilang paghahanda sa bagong aralin.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel, panulat, at talaan ng mga disiplina, Lapis o ballpen, Pisara/Whiteboard, Marker o chalk, Projector/TV/Laptop (opsyonal).

IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat pahayag sa talahanayan at lagyan ng tsek (✓) ang kolum na tumutugma sa iyong kasalukuyang antas ng kakayahan, pagkatapos ay sagutin ang gabay na tanong.

Mga Pahayag	Kaya Ko Na	Medyo	Hindi Pa
1. Natutukoy ko ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan			
2. Nailalarawan ko ang mga hakbang sa paghahanda at pagsasagawa ng kritikal na talakayan.			
3. Natutukoy ko ang pagkakaiba ng iba't ibang moda ng diskurso			
4. Nasusuri ko ang isang halimbawa ng talakayan kung ito ay sumusunod sa mga tuntunin ng kritikal na talakayan.			
5. Naipaliliwanag ko ang kahalagahan ng magalang at kritikal na talakayan sa tunay na buhay.			

Gabay na Tanong:

1. Ano ang inaasahan mong matutuhan o malinang sa araling ito?
2. Sa iyong palagay, bakit mahalagang matutuhan ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan?
3. Paano mo magagamit ang kritikal na talakayan sa iyong pang-araw-araw na buhay — sa paaralan, sa bahay, o sa pakikipagkaibigan?
4. Alin sa mga moda ng diskurso (FGD, Forum, Debate, Vlog) ang pinaka-interesado mong matutuhan? Bakit?
5. Ano ang maaari mong gawin upang maging handa sa pagsasagawa ng kritikal na talakayan kasama ang iyong mga kamag-aral.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 3: **Tuntuning Pandetektib: Hanapin at Ilista**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang matutukoy ang mga tuntunin sa kritikal na talakayan na nasunod at hindi nasunod mula sa isang halimbawang transcript.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel, panulat, at kopya ng transcript ng talakayan, Lapis o ballpen, Pisara/Whiteboard, Marker o chalk, Projector/TV/Laptop (opsyonal).

IV. Panuto: Basahin nang mabuti ang ibinigay na transcript ng talakayan, hanapin at tukuyin ang lahat ng tuntunin sa kritikal na talakayan na nasunod at hindi nasunod, at itala ang mga ito sa dalawang kolum na may pamagat na "Nasunod" at "Hindi Nasunod" kasama ang mga halimbawa mula sa teksto.

Nasunod	Hindi Nasunod

Transcript ng Talakayan (Handa na)

Paksa: *"Epektibo ba ang Modular Learning para sa mga Mag-aaral?"*

Guro/Modereytor:
"Bago tayo magsimula, tandaan natin ang mga tuntunin: igalang ang opinyon ng bawat isa, gumamit ng ebidensiya, iwasan ang pag-atake sa personalidad, at magsalita lamang kapag binigyan ng pagkakataon."

Ana:
"Sa aking karanasan, medyo mahirap ang modular learning. Madalas, nalilito ako sa mga instructions at hindi agad nasasagot ang mga katanungan ko."

Ben:
"May punto si Ana, pero ayon sa artikulo ng Department of Education, nakakatulong ang modular learning sa pag-organisa ng oras ng mga estudyante, lalo na sa malalayong lugar."

Carla:
"Para sa akin, okay naman ang system, basta may tamang gabay at suporta mula sa guro. Sa tingin ko, mahalaga rin na may online feedback."

Daniel:
"Hindi tama na sabihing mali ang sistema dahil lang sa ilang karanasan. Kailangan natin tingnan ang kabuuang datos bago maghusga."

Guro/Moderator:
"Salamat sa inyong mga ibinahaging opinyon. Ngayon, buod: nakitaan natin ng positibo at negatibong karanasan ang modular learning, at napag-usapan rin natin ang kahalagahan ng tamang gabay."

GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	4	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 4: **Talakayan Flow Map**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang makabubuo ng isang visual map o diagram na nagpapakita ng mga tuntunin at hakbang sa kritikal na talakayan mula bago, habang, at pagkatapos ng talakayan, at maipapakita kung paano ito maisasagawa sa isang napiling moda ng diskurso.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel o bond paper, panulat, lapis, ruler, at mga krayola o colored pen (opsyonal para sa disenyo).

IV. Panuto: Gumawa ng isang visual map o diagram na nagpapakita ng daloy ng kritikal na talakayan (bago, habang, at pagkatapos) kasama ang mga tuntuning dapat sundin, at pumili ng isang moda ng diskurso (tulad ng FGD, forum, o vlog) upang ipakita kung paano ito maisasagawa sa totoong sitwasyon.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 5: **Talakayan sa Tunay na Buhay: Pagtukoy ng mga Sitwasyon sa Paaralan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang makapaglista ng tatlong sitwasyon sa paaralan kung saan magagamit ang kritikal na talakayan, maipaliwanag kung bakit ito angkop, at matukoy ang mga tuntuning dapat ilapat sa bawat sitwasyon.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel, panulat, at kopya ng talahanayan.

IV. Panuto: Maglista ng 3 sitwasyon sa paaralan gamit ang talahanayan. Ipaliwanag ang bawat isa (2-3 pangungusap). Ibahagi ang isa sa katabi.

SITWASYON LISTAHAN: KRITIKAL NA TALAKAYAN SA PAARALAN		
SITWASYON	TAONG KASAMA	PAANO GAGAMITIN ANG KRITIKAL NA TALAKAYAN?

Mga Gabay na Tanong:

1. Sa anong mga pagkakataon kayo nagkakaroon ng mainit na usapan sa loob ng klase?
2. Kailan kayo huling hindi nagkasundo ng iyong kaklase? Paano ito nalutas?
3. Sa anong mga gawain sa paaralan kailangan ang malalim na pag-iisip at pagpapalitan ng ideya?
4. Paano makatutulong ang kritikal na talakayan sa inyong mga proyekto o group work?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 6: **Talakayan sa Tunay na Buhay: Pagtukoy ng mga Sitwasyon sa Paaralan**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang masusuri ang isang video ng talakayan batay sa mga tuntunin ng kritikal na talakayan at matutukoy ang mga aspetong nasunod at hindi nasunod gamit ang ibinigay na talahanayan.

III. Kagamitang Kailangan: Sagutang papel, panulat, kopya ng talahanayan, at access sa internet/telebisyon para sa panonood ng napiling video.

IV. Panuto: Pumili ng isang video ng talakayan mula sa ibinigay na listahan (o mula sa iyong sariling pagsasaliksik na may pahintulot ng guro), panoorin ito nang mabuti, at gamit ang talahanayan sa ibaba, itala ang iyong mga obserbasyon kung paano sinunod o hindi sinunod ang mga tuntunin ng kritikal na talakayan sa nasabing video.

VIDEO ANALYSIS

Pagsusuri ng Talakayan batay sa mga Tuntunin ng Kritikal na Talakayan



PANGALAN _____

MODA NG DISKURSO _____

ASPEKTO NG TALAKAYAN	IYONG OBSERBASYON
Paksa ng Talakayan	Ano ang pinag-uusapan?
Mga Kalahok	Sino-sino ang nagsasalita? Ilan sila? Ano ang papel ng bawat isa?
Tagal	Gaano kahaba ang video?
Moda ng Diskurso	Anong uri ng talakayan ito? (FGD, Debate, Forum, Vlog, iba pa)
Paggamit ng Ebidensiya	Gumamit ba sila ng ebidensiya? Anong uri? (statistika, eksperto, personal na karanasan, atbp.)
Paggalang sa Opinyon	Ipinakita ba nila ang paggalang sa isa't isa? Paano?
Pag-iwas sa Personalan	May ad hominem ba o personal na pag-atake? Kung meron, magkano at paano?
Pagsunod sa Hakbang	May malinaw ba na simula, gitna, at wakas ang talakayan? May moderator ba?

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	9	**Petsa:**	
Nilalaman:	Mga Tuntunin at Hakbang sa Pagsasagawa ng Kritikal na Talakayan Gamit ang Mungkahing Moda ng diskurso (hal., FGD, Forum, Mobile Journalism, Debate, Blog, Vlog, Video Conference, Podcast, Vodcast, Zine, at iba pa)		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 7: **Direkta at Porma**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang makasusulat ng isang maikling sanaysay na nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa konsepto ng ad hominem at kung paano ito nakaapekto sa kalidad ng pakikipagtalastasan.

III. Kagamitang Kailangan: Malinis na papel o dokumento (kung digital), panulat o kompyuter, at ang balangkas/sanaysay gabay.

IV. Panuto: Sumulat ng isang maikling sanaysay na may 150-200 salita tungkol sa kahalagahan ng pag-iwas sa *ad hominem* sa talakayan, gamit ang mga gabay na tanong sa ibaba bilang balangkas, at isulat ito sa isang malinis na papel o dokumento upang ipasa sa itinakdang araw.

GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Bilang 1: **Suriin ang Isu (Think-Pair-Share)**

II. Layunin: Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahang nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan

III. Kagamitang Kailangan: Larawan, Bolpen

IV. Panuto: Suriin ang isyung makikita sa poster. Sumulat ng isang reaksyon hinggil dito.



GAWAING PAMPAGKATUTO


Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Blg. 2: **Mind Map (Pangkatang Gawain)**

II. Layunin:Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahan nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan

III. Kagamitang kailangan : Bolpen, Papel

IV. Panuto: Gumawa ng mind map gamit ang papel patungkol sa mga napapanahong isyu sa lipunan.



GAWAING PAMPAGKATUTO

Para sa Modelong Banghay-Aralin:	10	**Petsa:**	
Nilalaman:	Kritikal na Pagtalakay Sa mga Napapanahong Isyung Panlipunan		
Pangalan:		**Baitang:**	

I. Gawain Blg. 3: **Repleksiyon**

II. Layunin:Sa pagtatapos ng gawaing ito, ang mag-aaral ay inaasahan nakapagsasagawa ng kritikal na talakayan tungkol sa isang napapanahong usaping panlipunan

III. Kagamitang kailangan : Bolpen, Papel

IV. Panuto: Sumulat nang maikling repleksiyon tungkol sa isang napapanahong isyung panlipunan (halimbawa: kahirapan, polusyon, fake news, diskriminasyon, o cyberbullying). Ibahagi sa iyong repleksiyon ang iyong sariling pananaw, damdamin, at mga natutuhan mula sa isyung ito, gayundin ang mga paraan kung paano ka makatutulong bilang isang mag-aaral upang makatulong sa paglutas o pagpapabuti ng sitwasyon. Hindi bababa sa 150 na mga salita ang repleksiyong isusulat.

Pamantayan	4	3	2	1
Kaugnayan sa Paksa	Lubos na malinaw ang kaugnayan ng repleksiyon sa isyung panlipunan at naipaliwanag nang mabuti ang ideya.	May malinaw na kaugnayan sa paksa ngunit may kaunting kakulangan sa pagpapaliwanag.	Bahagyang may kaugnayan sa paksa.	Hindi malinaw ang kaugnayan sa paksa.
Lalim ng Pagmumuni-muni	Malalim at makabuluhan ang sariling pananaw at damdamin tungkol sa isyu.	May malinaw na pananaw ngunit kulang sa lalim.	May kaunting pagpapahayag ng pananaw.	Halos walang sariling pagninilay o pananaw.
Gramatika at Wastong Gamit ng Wika	Halos walang mali sa gramatika, baybay, at bantas.	May ilang mali ngunit hindi nakaaapekto sa pag-unawa.	Maraming mali na bahagyang nakaaapekto sa pag-unawa.	Napakaraming mali sa gramatika na nagpapahirap sa pag-unawa.
Kaayusan at Organisasyon ng Ideya	Maayos, malinaw, at magkakaugnay ang mga ideya.	Medyo maayos ang daloy ng ideya.	Hindi gaanong maayos ang pagkakaayos ng ideya.	Magulo at hindi organisado ang mga ideya.